

Suportang Panglipunan

Ang programa ng Suportang Panglipunan ay pinondohang programa ng Pag-aalaga sa Tahanan at Komunidad (HACC) na sadyang nakatuon sa pagtupad sa pangangailangan ng taong makipag-ugnayan sa kapwa sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isang makakasama sa tahanan man o habang kumukuha ng mga suportang pangkomunidad. Ang Suportang Panglipunan ay ibinibigay nang pang-isahan o pangmaliitang grupo kung mayroon itong isang interes.

Naglalayon ang Suportang Panglipunan na higit na makamtam ang kakayahan ng isang tao na mamuhay nang nagsasarili sa tahanan at makatulong sa pagtugon sa pangangailangan nitong makipag-ugnayan sa kapwa.

Ang mga tumatanggap ng Serbisyo ng Suportang Panglipunan ay sisingilin ng \$4.00 bawat oras. Sa normal na kalagayan, ang bawat kliyente ay tatanggap ng 3 oras na alalay bawat linggo.

Maaaring lumapit mismo ang taong nangangailangan ng serbisyo o magpatulong sa kanilang pamilya o mga kaibigan, sa mga manggagawa sa komunidad, sa mga propesyonal sa kalusugan o sa iba pang mga nagbibigay ng serbisyo.

May mga kawani sa MCCS na nagsasalita ng dalawang wika at mga manggagawang sumusuporta na nagsasalita ng:

Arabo, Assyrian, Bosnian, Tsino, Croatian, Filipino, Hindi, Khmer, Lao, Macedonian, Serbian, Espanyol, Vietnamese at iba pang mga etnikong wika.

**Para sa karagdagang impormasyon,
makipag-ugnayan sa:
MULTIKULTURANG SERBISYO SA
PANGANGALAGANG PANGKOMUNIDAD**

**30 Hallstrom Place
Wetherill Park NSW 2164**

Tel: [02] 8717 1500

Fax: [02] 9725 2141

Email: info@agedcc.org.au

**Kung kailangan ninyo ng tagasaling-
wika, tumawag lamang sa
13 14 50
at sabihan sila ng wikang inyong
sinasalita at hilingan silang tumawag sa**

**MULTIKULTURANG SERBISYO SA
PANGANGALAGANG PANGKOMUNIDAD**

sa 8717 1500

**Pinondohan ng
Kalusugan at Pagtanda at Kagawaran ng
Pagtanda, Kapansanan at Pag-aalaga sa
Tahanan**

M.C.C.S
MULTICULTURAL COMMUNITY CARE SERVICE

TAGALOG



Tulong sa Pagsasarili

**30 Hallstrom Place
WETHERILL PARK**

**Ph: [02] 8717 1500
Fax: [02] 9725 2141**

Email: info@agedcc.org.au

Isang bahagi ng Sentro ng Komunidad sa
Cabramatta

MULTIKULTURANG SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKOMUNIDAD

Ang MCCS ay bahagi ng Sentro ng Komunidad sa Cabramatta, isang hindi-pinagkakakitaang organisasyong batay sa komunidad.

Nagbibigay ang serbisyo ng tuwirang pag-aalaga sa mga mahihinang matatanda, mga may kapansanan at mga tagapag-alaga mula sa Magkakaibang Kultura at Wika. Matatamo ito sa pamamagitan ng apat na ibat-ibang programa.

- Mga Package ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad (CACP)
- Pinalawak na Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay (EACH)
- Pagpapahinga para sa mga komunidad na CALD
- Suportang Panglipunan

Ang apat na programa ay nagbibigay ng serbisyo sa mga taong nakatira sa Liverpool, Fairfield at sa mga Lugar ng Lokal na Pamahalaan ng Bankstown.

Mga Package ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad [CACP]

Ang mga Package ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad ay pinondohan ng Kagawaran ng Kalusugan at Pagtanda na naglalayong magbigay ng alternatibo sa pangangalagang ibinibigay sa tahananang hostel, nang sa gayon ay matulungan ang mga kliyente na nangangailangan ng masusing pangangalaga na manatili hanggat maaari sa kanilang sariling tahanan.

Upang makatanggap ng CACP, isang pagtataya ay karaniwang isasagawa ng Serbisyo sa Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matatanda.

Isang CACP ang ibibigay sa tahanan ng kliyente ng manggagawang nagsasalita ng dalawang wika upang umalalay sa matatanda ng dalawa hanggang tatlong beses sa isang linggo. Makikipagtulungan ang serbisyong pang-kliyente sa mga miyembro ng pamilya upang bumuo ng planong pangangalaga na tutugon sa pangangailangan ng kliyente.

Walang nakatalagang bayad sa serbisyo dahil bawat kaso ay tinataya isa-isa. Ang pinakamataas na bayad ay 17.5% ng pensyon.

Pinalawak na Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay [EACH]

Ang mga package ng EACH ay pinondohan ng Kagawaran ng Kalusugan at Pagtanda at naglalayong magbigay ng mataas na antas ng serbisyong tulong sa tahanan upang alalayan ang matatanda sa maraming pangangailangan sa masusing pag-aalaga. Ang mga kliyenteng kumukuha ng ganitong serbisyo ay nangangailangan ng tulong na gaya ng ibinibigay sa tahanan ng matatanda ngunit nagnanais na manatili sa kanilang sariling tahanan hanggat maaari.

Upang makakuha ang isang tao ng package na EACH, kailangan siyang mataya ng Grupo sa Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matatanda.

Gaya ng CACP, wala ring nakatalagang bayad para sa serbisyo dahil ang bawat kaso ay tinataya isa-isa. Ang higit na maaaring ibayad ay 17.5% ng pensyon.

Para sa pagtataya, mangyaring makipag-ugnayan sa

Paglilipat at Sentro ng Impormasyon (RIC)

Mula Lunes hang Biyernes 10nu – 4nh

1800 455 511

Pagpapahinga

Ang Pagpapahinga ay programang pinondohan ng HACC na sumusuporta sa mga tagapag-alagang CALD sa pamamagitan ng pagbibigay ng pahinga sa kanilang pag-aalaga sa tahanan ng mga matatanda at may mga kapansanang pisikal o sa pag-iisip. Ang pagpapahinga sa pag-aalaga ay ibinibigay sa tahanan ng kliyente kung saan ang karaniwang tagapag-alaga ay hindi kailangang naroon.

Sinumang nangangailangan ng pahinga ay maaaring ilapit sa programa. Ang mga paglapit mula sa mga mismong tagapag-alaga, kanilang pamilya o mga kaibigan, mga manggagawa sa komunidad, mga propesyonal sa kalusugan o iba pang nagbibigay ng serbisyo ay tatanggapin.

Kapag ito ay nakapasa at may mga bakanteng makukuha, ang pagtataya sa kliyente ay isasagawa at ang akmang planong pag-aalaga ay bubuuin ng Pagtataya sa Pagpapahinga at Pinunong Tagapag-ugnay bago umpisahan ang serbisyo.

Ang mga tatanggap ng pagpapahinga sa tahanan ay hihilingan ng kontribusyon na \$3.00 bawat oras.

Ang serbisyo sa Pagpapahinga ay maaaring:

- **Pagpapahingang Madalian/Pangkrisis**
- **Pagpapahingang Planado/Maikling Panahon**
- **Pagpapahingang Mahabang Panahon/Kasalukuyan**